# Pananaliksik ukol sa Epekto ng Teknolohiya sa Paggamit ng Wikang Filipino sa *Facebook*

Abstrak

Ang pananaliksik na ito ay ninanais suriin ang epekto ng teknolohiya sa paggamit ng wikang Filipino sa *Facebook*. Ito ay makakamit sa pamamagitan ng pagsusuri sa isang *Facebook post* na binigyan ng iba't ibang komento ng mga respondente. Ang kanilang mga komento ay ibinusisi at hinati sa mga kategorya gamit ang istatistikang porsyento na magbibigay sagot sa epekto ng teknolohiya sa paggamit ng wikang Filipino. Matapos gawin ang metodolohiyang ito, nalaman ng mga mananaliksik na karamihan ay gumagamit ng wikang Filipino at mga pina-iksing salita, samantalang maliit na porsyento lamang ang gumagamit ng mga *emojis*s sa kanilang pakikipagtalastasan sa *social media*.

# TALAAN NG NILALAMAN

Abstrak 2

Panimula 4

Kaugnay na Literatura at mga Pag-aaral........................................................................4

Suliranin ng Pag-aaral..................................................................................................5

Teoretikal na Balangkas...............................................................................................5

Konseptuwal na Balangkas...........................................................................................5

Metodolohiya 5

Instrumentong Ginamit.................................................................................................5

Pangangalap ng Datos..................................................................................................6

Resulta 6

Diskusiyon 11

Buod..........................................................................................................................11

Konklusyon................................................................................................................12

Rekomendasyon.........................................................................................................12

Talaan ng mga Sanggunian 15

# TALAAN NG MGA GRAP

**Figure 1 Kasarian ng mga respondente**........................................................................5

**Figure 2 Edad ng mga respondent**..................................................................................6

**Figure 3 Wikang ginamit ng mga respondent**....................................................................7

**Figure 4 Mga gumamit ng Pina-iksing salita**......................................................................8

**Figure 5 Mga gumamit ng emojis**....................................................................................8

Panimula

Sa kasalukuyang panahon, magkasabay na nagbabago ang teknolohiya at ang ating sariling wika. Dahil sa mabilis na modernisasyon ng teknolohiya, hindi maipagkakaila na malaking salik ito sa mga pagbabago na nagaganap sa wika ng bansa. Nais masilayan ng pananaliksik na ito ang epekto at impluwensiya ng makabagong teknolohiya sa umuusbong nating kultura sa wika.

## Kaugnay na Literatura at mga Pag-aaral

Malaki na ang pinagbago ng internet sa Pilipinas simula noong 1994 kung saan unang nagkaroon nito ang bansa. Ayon sa isang digital report mula sa We Are Social at Hootsuite, tinatayang 76,000,000 Pilipino na ang gumagamit ng internet na 71% ng buong populasyon ng bansa. Sa kadahilanang ito, tinagurian ang ating bansa na “The Social Networking Capital of the World” (Lamiel, 2019).

Ayon kay Kolowich, L. (2014), hindi lamang Internet ang nakaiimpluwensiya sa mga makabagong wika ngayon. Nariyan ang mga produktong gawa ng teknolohiya tulad ng mga gadgets na nagpapausbong sa mga ganitong uri ng salita. Mas mabilis din nating naiaangkop ang mga ito kaysa sa mga salitang naituturo sa atin mula pagkabata. Ang mga salitang ito ay nabubuo ng iba’t ibang tao sa buong mundo at kumakalat na lamang sa pamamagitan ng Interne

**Suliranin ng Pag-aaral**

1. Ano ang mga epekto ng pag-usbong ng teknolohiya sa paraan ng paggamit ng wikang Filipino?
2. Paano nakatutulong ang teknolohiya sa pagkokonekta ng wika at kultura?
3. Nakaapekto ba ang teknolohiya sa paggamit ng wikang banyaga ng mga Pilipino?

**Teoretikal na Balangkas**

Ayon sa artikulong isinulat ni Cohn, C.(2013[ CITATION Kol14 \l 1033 ]), na *Social Media's Effect on Language*, kailangan nating makipagsabayan sa wika ng mga post millennials na nakukuha nila sa mga makabagong teknolohiya. Kapag tayo ay hindi nakipagsabayan sa wika ng mga ito, maaaring maganap ang nasasaad sa Tore ni Babel sa ating mundo. Ang Tore ni Babel ay nasasaad sa Bibliya at pinaniniwalaang pinagmulan ng wika ng tao. Inilalarawan rito na hindi lahat ng salita ay may pinagmulang wika dahil ang iba ay kusang umuusbong na lamang.

**Konseptuwal na Balangkas**

Metodolohiya

**Instrumentong Ginamit**

Ginamit ng mga mananaliksik ang Facebook bilang pangunahing instrumento upang maipakita ang mga datos at impormasyon na kinakailangan sa pag-aaral ng mga mananaliksik.

**Pangangalap ng Datos**

Ang kasangkapan na ginamit ng mga mananaliksik ay ang pagsusuri sa isang *post* sa Facebook kung saan maraming respondante ang naglahad ng kanila mga komento. Ibinigay ang pormula para sa komputasyon upang malaman ng resulta ng pananaliksik. Sa pagsusuri ng mga pahayag ng epekto, mapaglarawang buod istatistika tulad ng poryento na ginamit, upang pag-aralan at bigyang kahulugan ang mga data na nakalap mula sa *pos*t. Ang mga mananaliksik ay ginagamit ang mga sumusunod na tool ng istatistika;

Porsyento ng pahayag ng epekto para sa demograpikong propayl ng mga nagbigay ng komento ayon sa kanilang edad at kasarian

Pormula: $P= f/n \times 100$

P: Porsyento

f: prikwensya

n: kabuuang bilang ng mga respondente

Resulta


Propayl ng mga Respondente

**Figure 1 Kasarian ng mga respondente**




Makikita sa Figure 1 na ito na karamihan sa mga nagbigay ng komento sa *Facebook post* na isinuri ay mga lalaki sa porsyento na 86%.


**Figure 2 Edad ng mga respondent**




Makikita sa Figure 2 na ito na kalahati sa mga nagbigay ng komento sa *Facebook post* na isinuri ay may edad mula 19 hanggang 30. Sumunod dito ang edad mula 31 hanggang 50 na may 36 na porsyento. Parehong tig-7 porsyento naman ang edad 18 pababa at edad 51 pataas.


## Epekto ng Teknolohiya sa Wikang Filipino

**Figure 3 Wikang ginamit ng mga respondent**





Sa Figure 3, makikitang pinaka-malaking porsyento na 43% ng mga respondente ang gumamit ng wikang Filipino. Sumunod ang paggamit ng pinagsamang wikang Filipino at banyaga (Ingles) na may 36 na porsyento, at huli ang paggamit ng wikang banyaga (Ingles) na may 21 porsyento.

**Figure 4 Mga gumamit ng Pina-iksing salita**




Mahigit sa kalahati (57%) ng mga respondente ang gumamit ng pina-ikling salita samantalang 43 porsyento ang gumamit ng mga buong salita sa kanilang mga komento.

**Figure 5 Mga gumamit ng emojis**




Sa Figure 5 makikita na 14 porsyento lamang ng mga respondente ang nagbigay ng komento na may kasamang *emojis*.

Diskusiyon

**Buod**

- Nananatiling karamihan (43%) ang gumamit ng wikang Filipino sa kanilang pagbibigay ng komento sa *Facebook post* na isinuri, laban sa 21% ng mga respondente na gumamit ng wikang banyaga (Ingles).

- Mas malaking porsyento (36%) ng mga respondente ang gumamit ng pinagsamang wika o taglish kumpara sa mga gumamit ng wikang banyaga lamang (21%).

- Mahigit sa kalahati (57%) ng mga respondente ang gumamit ng mga pina-iksing salita sa pagbibigay na kanilang mga komento.

- Maliit na porsyento (14%) lamang ng mga respondente ang gumamit ng mga *emojis* sa pagbibigay ng kanilang komento.

**Konklusyon**

Batay sa nakalap na impormasiyon sa pananaliksik na isinagawa, masasabing karamihan sa mga respondente ang nananatiling gumagamit ng wikang Filipino sa pagbibigay ng kanilang mga komento sa *Facebook*. Ang epekto ng makabagong teknolohiya ay maliit pa lamang sa larangan ng paggamit ng mga *emojis*. Mas ginugusto pa rin nila na gumamit ng mga salita upang maipahayag ang kanilang mga saloobin. Sumunod, mas dumarami na rin ang bilang ng mga gumagamit ng pinagsamang wika o *taglish.* Maaaring ito ay sa kadahilanang mas marami nang paraan upang mag-aral ng ibang wika gamit ang makabagong teknolohiya. Panghuli, sa kadahilanang sabay na pagbilis ng pagbabago ng teknolohiya at panahon, karamihan ay pinapa-iksi ang kanilang mga salita sa pagpapahayag ng komento sa *social media* (*Facebook*).

**Rekomendasyon**

Matapos suriin ang epekto ng teknolohiya sa paggamit ng wikang Filipino sa Facebook, nais namin iparating na magkasabay umuusbong ang ating teknolohiya at wikang Filipino. Maaari natin itong yakapin at sabayan ngunit sana ay hindi narin kalimutan an gating sariling atin. Maraming positibong naidudulot ang teknolohiya. Gamitin sana natin ito sa pagyaman ng ating wikang Filipino.

Talaan ng mga Sanggunian


Cohn, C. (2013). Social Media's Effect on Language. *CompuKol Publications LLC*. Retrieved October 6, 2019, from https://www.compukol.com/social-medias-effect-on-language/

Kolowich, L. (2014, October). The Evolution of Language: How Internet Slang Changes the Way We Speak. *Hubspot*. Retrieved October 6, 2019, from https://blog.hubspot.com/marketing/how-internet-changes-language

Lamiel, C. (2019, January 31). *Filipinos now heaviest Internet users in the world*. Retrieved 6 October, 2019, from Yuga Tech: https://www.yugatech.com/internet-telecoms/filipinos-now-heaviest-internet-users-in-the-world-report/#sthash.mqorzhv5.dpbs#iCjZhEUtQH7Kat7b.97